American Research Journal of Humanities & Social Science (ARJHSS)

E-ISSN: 2378-702X
Volume-06, Issue-10, pp-57-61
www.arjhss.com

Research Paper Open Access

# ANTAS SA KAHUSAYAN AT HAMON SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA WIKANG FILIPINO

Jhoana Marie L. Aragon, MaEd[1], Cecilia L. Balallo, MaEd[2]
[1]*(Zambales National High School, Iba, Zambales, Philippines)*
[2]*(San Isidro National High School, Antipolo, City, Philippines)*

***ABSTRACT:*** *The purpose of this study is to assess the degree of competency and difficulties in writing essays in the Filipino language. For this study, the researcher used a Mixed-Methods research methodology. The major tools utilized to collect data from twenty (20) students were written assessments on essay writing and interviews. Three (3) descriptive essays on diverse subjects were included in the inquiry, as well as an open-ended question concerning "What challenges did you encounter in writing essays in Filipino?" Several topics surfaced about the degree of ability and obstacles in writing essays in Filipino: (Themes 1. Unfamiliar Vocabulary, 2. Writing Preparedness, 3. Limited Knowledge of the Topic, 4. Proper Grammar Usage, and 5. Difficulty Expressing Personal Feelings.) The written tests demonstrated that the pupils' competency level in Filipino essay writing is modest. To summarize, the level of competence is adequate but might be improved. Following an examination of the study findings, the following suggestions are made: Teachers should provide pupils easy modifications and help while writing essays, particularly in terms of organization. Students should devote time and effort to producing essays in their native language. For young people, essay writing in the Filipino language allows them to openly express their thoughts or notions.*

***Keywords:*** *Essay, Writing Proficiency, Filipino Language*

## I. INTRODUKSYON

Ayon kay Javed, et.al (2013) ang pinakamabisang komunikasyon ng damdamin ay ang wika. Samakatuwid, ito ay eksklusibo sa mga tao para sa hangarin ng komunikasyon. Ang mga saloobin at damdamin ay naging malinaw sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba. Kapag ang isang tao ay nagpapakita ng kuryusidad sa kung ano ang sinasabi ng iba, nangangahulugang naiintindihan ang dalawang kasangkot sa usapan. (Reid, 2020)

Sa Pilipinas, kinakailangan na magkaroon tayo ng bihasang manunulat sa wikang Filipino makakatulong ito upang umunlad ang ating sa personal at maging ang bansang ginagalawan natin ay magkaroon ng kabuluhan. (Domantay & Ramos, 2018) Ayon kay Geiser et.al (2001) ang kakayahang makagawa ng isang produktibong sulatin ay isang katibayan na nagawa sa panahon ng proseso ng pag-aaral. Ang kasanayan sa pagsusulat ay nagaganap sa isang makabuluhang kadahilanan, upang mapahusay nito ang pagkakalantad at kagalingan ng mga mag-aaral sa komunikasyon at pakikipag-ugnayan.

Ang pag-aaral na isinagawa ni Cabansag (2013) ay nagsiwalat na karamihan sa mga mag-aaral ay marunong sa pagsulat ngunit hindi bihasa sa wastong paggamit ng istraktura at balarila sa pagbuo nito. Ang pinakakaraniwang mga pagkakamali na nagawa nila sa kanilang sulatin ay ang mga; paggamit ng mga pandiwa, o ano mang bahagi ng pananalita at maging ang wastong paggamit ng malaking titik o maliit na titik. Sa pag-aaral na isinagawa naman nila Bulilan at Olandria (2014) nagpapahayag ito na hindi madaling matukoy ang mga pagkakamali at kung ano ang pinakamahirap baguhin.

Ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagsasagawa ng maraming programa na naglalayong suportahan ang mga estudyanteng nahihirapan sa pagbasa at pagsulat. The Every Child a Reader Program (ECARP) ay naglalayong masukat ang antas ng pagbasa ng bawat estudyante. Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon, ang ECARP ay naglalayong paigtingin ang bawat pampublikong eskwelahan na magkaroon ng sistematikong paraan upang mahasa ang kakayahang pagbasa at pagsulat ng bawat estudyante upang maging malayang mambabasa at manunulat.

## II. LAYUNIN

Layunin ng pag-aaral na ito ay maanalisa o masuri ang kahusayan ng mga mag-aaral at malaman ang mga hamon sa pagsulat ng produktibong sanaysay sa Filipino ng mga Kolehiyo.

## III. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ayon sa pananaliksik ni Espera et.al 2017 batay sa pagnanaw sa Teoryang Kognitib ni Jean Piaget ang pagkatuto ng isang wika ay isang prosesong dinamiko kung saan ang mag-aaral ay laging nangangailangang mag-isip at gawing may saysay ang bagong impormasyon, alamin ang pumapailalim na tuntuntunin at mailapit ang mga ito upang makabuo ng orihinal na pangungusap. Habang isinasagawa prosesong ito, malimit na nagkakamali sa pagpapakahulugan ng mga tuntunin ang mga mag-aaral sa wika o hindi kaya nama'y nang mali ang mga ito. Dahil dito malimit nagaganap ang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay kapag gumagamit ng purong salitang Filipino.

Disensyong Mixed-Method ang pamaraang ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito. Pagsusulit tungkol sa pagsulat ng sanaysay at panayam ang pangunahing instrumentong ginamit sa pagkalap ng datos sa dalawpung (20) mag-aaral. Ang hinandang talatunungan ay tungkol sa tatlong (3) paglalarawang sanaysay na may mga kaiba't na iba't-ibang tema. Naglalaman din ito ng isang malayang katanungan tungkol sa "Ano ang naging hamon sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino?"

## IV. RESULTA AT DISKUSYON

**Dami at Porsyento ng Puntos sa Pagsulat ng Paglalarawang Sanaysay ng mga Mag-aaral**

Ipinapakita ang distribusyon ng dami at pursyento ng puntos ng mga kalahok. Mayroong tatlo (3) o 15% na kalahok ang maituturing na Hindi Mahusay. Dalawa (2) o 10% ang Lubusang Mahusay. Lima (5) o 25% ang Hindi Gaanong Mahusay. Anim (6) o 30% ang Medyo Mahusay. Apat (4) o 20% ang Mahusay. Batay sa kinalabasan nitong *mean* na 10.25 at sa *standard deviation* nitong 2. 34 nangangahulugan ito ay Medyo Mahusay ang mga mag-aaral sa kaantasan ng pagsulat sa wikang Filipino.

**TALAHANAYAN 1Distribusyon ng Dami at Porsyento ng Puntos sa Pagsulat ng Paglalarawang Sanaysay ng mga Mag-aaral**

| Puntos | Dami | Porsyento | Katumbas na Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| 1-7 | 3 | 15% | Hindi Mahusay |
| 8-9 | 5 | 25% | Hindi Gaanong Mahusay |
| 10-11 | 6 | 30% | Medyo Mahusay |
| 12-13 | 4 | 20% | Mahusay |
| 14-15 | 2 | 10% | Lubusang Mahusay |
| KABUUAN | 20 | 100% | |
| **Overall Weighted Mean** | **Mean=10.25** | **SD=2.34** | **Medyo Mahusay** |

Kaugnay sa pananaliksik nila Pablo et.al (2018),ang mga mag-aaral ay mayroong kahinaan sa larangan ng pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang Filipino, sapagkat nakakaranas sila ng kahirapan sa paggamit ng mga tamang salita o idyoma, paggamit ng mga salita sa bokabularyo at pagpili ng mga salita. Gayundin ang kakulangan sa pagbuo ng pangungusap sa mga tuntunin ng paggamit ng wika.

**Ang Tematikong Kasagutan ng mga Mag-aaral pagkatapos sumulat ng sanaysay sa wikang Filipino**

**"Ano ang naging hamon sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino?"**

Inilarawan sa talahanayang ito ang mga tematikong sagot sa *open-ended question* ng mga kalohok na mag-aaral sa pananalisik na isinagawa.

**TALAHANAYAN 2Mga Tematikong Sagot Ng Open-Ended Question Nga Mga Kalohok Na Mag-Aaral Sa Pananalisik Na Isinagawa.**

| ***Tema*** | ***Pahayag*** | ***Paglalarawan*** |
|---|---|---|
| **HINDI PAMILYAR NA SALITA** | Minsan po nagkakamali po kami ng pagsulat dahil sa hindi po naming alam yung angkop na kahulugan nung salita dahil bago lang po sa aming pandinig. M8 | Hindi pamilyar ang mga mag-aaral sa mga terminong salita na wastong gamitin sa pagbuo ng pangungusap. |
| **KAHANDAAN SA PAGSULAT** | Medyo mahirap sa una pero kapag nasasanay ka na po magbasa ng mga | Hindi interesado ang mga mag-aaral sa mga akdang |

| | | |
|---|---|---|
| | literatura sa wika natin mabilis na din po makasulat ng sanaysay. M4 | Filipino kaya hindi sila masanay sa pagsulat ng sanaysay gamit ang ating sariling wika. |
| **SALAT NA KAALAMAN SA PAKSA** | May mga uri po kasi ng sanaysay na minsan hindi po kami pamilyar kaya mahirap gawan ng angkop na mga pangungusap. Isa pa, mahirap mag-bigay ng paksa na susulatin sa Filipino. M10 | Nahihirapang sumulat ng sanaysay sa kadahilanang hindi kilala ang iba't-ibang uri nito at ang paksang kapapalooban ng isusulat na pangungusap. |
| **WASTONG PAGRAMATIKANG PAGSULAT** | Nakakalito ang pag sulat ng tamang pangungusap. Minsan naipapahayag ko ang pangungusap base sa aking pang-araw-araw na pananalita. M12 | Nagiging mali ang gramatika ng mga mag-aaral sa pagsulat sapagkat nasanay silang gamitin ang kolokyal na wika. |

**Tema 1. Hindi Pamilyar na Salita.**Sa pananaliksik na isinagawa ni Santosa, et.al (2019), nagpakita na ang pinakamalaking isyu na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanayasay ay ang kawalan ng kasanayan sa bokabularyo at paggamit ng tamang wika o termino. Bilang karagdagan, hindi nila alam kung paano bumuo ng mga pangungusap dahil hindi nila madalas naririnig o ginagamit ang iba't ibang termino. Katulad na lamang ng sinabi ni M1 "Medyo mahirap po kasi yung ibang mga salita sa wikang Ingles wala pong katumbas sa ating wika." Ayon naman kayla M2, M8 at M6 isinasaad nila ang mga sumusunod: "Nahihirapan po ko dahil di po pamilyar yung mga salitang nakikita ko." "Minsan po nagkakamali po kami ng pagsulat dahil sa hindi po naming alam yung angkop na kahulugan nung salita dahil bago lang po sa aming pandinig." At " Isa na po siguro yung malalalim na salitang ginagamit po mahirap unawain." Ayon sa pag-aaral nila Virador (2019), isinasaad na marami ang nahihirapan sa paggamit ng purong salitang Filipino lalo na pagdating sa pang-angkop ng mga teknikal na ideya at salitang hiram mula sa Ingles.

**Tema 2. Kahandaan sa Pagsulat.**Batay sa pananaliksik ni Listyani et.al (2020), ang pagiging handa ng mga mag-aaral sa pagsulat ay naaapektuhan ng dalawang bagay. Ang mga internal na salik ay kinabibilangan ng pakiramdam ng labis na presyon, kakulangan ng kaalaman, kumpiyansa sa sarili, at pagganyak sa sarili. Ang mga salik sa external ay kinabibilangan ng istilo ng pagtuturo ng guro, kakulangan sa pagbasa ng mga literatura at kasanayan sa pagsulat gamit ang iba't-ibang elemento sa pagbuo ng sulatin. Maraming mag-aaral ang hindi handa na sumulat lalo na kung walang interes ito sa kayang susulatin, ngunit kung sasanayin at pagyayabungin natin maari silang makasulat ng anumang naising akda tulad ng sinabi ni M4 "Medyo mahirap sa una pero kapag nasasanay ka na po magbasa ng mga literature sa wika natin mabilis na din po makasulat ng sanaysay." Alinsunod sa pag-aaral ni Merjen (2019), ang pagbuo ng mga kasanayan sa pagbabasa ay makakatulong sa pagpapabuti ng kakayahan ng pagsusulat ng mga mag-aaral.

**Tema 3. Salat na Kaalaman sa Paksa.**Ayon kay Dunn (2021), ang pagsulat ay isang mahirap o kumplikadong kasanayan na nangangailangan ng oras at pagsasanay. Nararapat na ang mga mag-aaral ay may kakayahang pahusayin ang kanilang mga kasanayan sa pagsulat upang matugunan ang kanilang kahirapang nararanasan. Mainam na bigyang pansin ang paksa ng kanilang susulatin. Mas nahihirapan ang mga mag-aaral na sumulat ng isang salaysay kung hindi ito pamilyar sa paksang susulatin at sa uri nito. Tulad ng sinabi nila M5 at M10 "Mahirap po lalo na kapag hindi po pamilyar sa paksang pagsusulatan." at "May mga uri po kasi ng sanaysay na minsan hindi po kami pamilyar kaya mahirap gawan ng angkop na mga pangungusap."Kapag walang malalim na pag-unawa sa paksa ng sanaysay, mahirap gumawa ng mga ideya, mag-organisa, at magsulat ng malinaw. Kung walang sapat na kaalaman, mahirap makamit ang patunay at nakakakumbinsing sulatin (Bulqiyah, Mahbub, at Nugraheni, 2021).

**Tema 4. Wastong Pangramatikang Pagsulat.**Ang pagpapabuti ng komunikasyon ng bawat mag-aaral ay isang layunin ng pangkasalukuyang kurikulum ng Filipino. Ang kakayahang panggramatika ay isa sa mga aspeto na dapat malinang sa mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang kakayahang komunikasyon. Kung gayon, ang pagtuon sa kakayahan ng mga mag-aaral sa math ay mahalaga para sa layunin ng kurikulum sa Filipino (Lartec at Perey, 2012). Marahil hindi lingid sa kaalaman ng lahat na madalas ang pagkakamali ng mga mag-aaral sa gramtika ng kanilang mga sulatin lalo na sa ating sariling wika. Sa katunayan, ayon kayla M7, M3, at M12, isinasaad nilang 'nakakalito yung mga bantas na gagamitin po sa pagsulat. Ang hirap po sumulat kasi yung tamang paggamit ng mga pang-angkop nalilito po kami. Nakakalito ang pag sulat ng tamang pangungusap. Minsan naipapahayag ko ang pangungusap base sa aking pang-araw-araw na pananalita.'Batay sa pag-aaral ni Misa (2021), inilahad nito na ang mga tagatugon na may kakayahan sa panggramatikang Filipino ng "Beginning" sa pagpili ng mga tamang salita, kayarian ng pangungusap, at lohikal na organisasyon ng mga

pangungusap. Samantala, "Developing" naman sa tamang paggamit ng salita, ayos ng pangungusap, pagbuo ng pangungusap, at mekanika ng pangungusap.

## V. KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pananaliksik na ito ang mga tagatugon ay sang-ayon sa mga natuklasan buhat sa isinagawang mga pag-aaral at napatutuhanan na ang antas ng kahusayan ay mababa at nangangailang pagbutihin.Bukod pa rito, ayon sa kwalitatibong pagsisiyasat, natuklasan na ang mga mag-aaral ay nahaharap sa maraming hamon sa pagsulat sa Filipino. Kabilang sa mga hamong ito ang kakulangan ng kaalaman sa paksa, hindi handa na pag-iisip tungkol sa kung ano ang isinasaalang-alang nila sa pagsulat, kakulangan ng kaalaman sa gramatika, at hindi paggamit ng bokabularyo nang tama.

## SANGGUNIAN


[1]. Budjalemba, A. and Listyani, L. (2020). Factors contributing to students' difficulties in academic writing class: students' perceptions. UC Journal, Vol. 1 No. 2. **https://www.researchgate.net/publication/348363193_FACTORS_CONTRIBUTING_TO_STUDENTS%27_DIFFICULTIES_IN_ACADEMIC_WRITING_CLASS_STUDENTS%27_PERCEPTIONS**

[2]. Bulilan, R. S. & Olandria, A. C. (2014) Writing Profeciency Program Students in Bohol Island State University Clarin, Bohol. IAMURE International Journal of Education. Retrieved from http://ejournals.ph/form/cite.php?id=3403

[3]. Bulqiyah, S., Mahbub, M. A. at Nugraheni, D. A. (2021). Investigating writing difficulties in essay writing: Tertiary students' perspectives. English Language Teaching Education Journal. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1296404.pdf

[4]. Cabansag. J (2013), Good Writing and Habit of students. Retrieved from https://journals.sagepub.com/doi/abs/10.1177/0002764218772673?journalCode=absb

[5]. Department of Education Philippines. DO 18, s. (2017) - Guidelines on the Utilization of the 2017 Every Child a Reader Program Funds for the Early Language, Literacy, and Numeracy Program: Professional Development Component. Retrieved from http://www.deped.gov.ph/order

[6]. Department of Justice. Executive Order 13166. (2000). Improving Access to Services for Persons with Limited English Proficiency. Retrieved from https://www.justice.gov/crt/executive-order13166.

[7]. Domantay, M. D. & Ramos, L. Q. (2018) English Writing Performance of Grade 11 Students. Journal of Advanced Studies. Retrieved from https://psurj.org/wp-content/uploads/2018/12/JAS-002.pdf

[8]. Dunn, M. (2021). The Challenges of Struggling Writers: Strategies That Can Help. Education Sciences. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1322997.pdf

[9]. Espera, L. & Virador J. (2017) Antas ng Kahirapan sa paggamit ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral. Pamantasan ng Bohol. Retrieved from https://www.docsity.com/en/antas-ng-kahirapan-sa-paggamitng-wikang-filipino

[10]. Geiser, S., & Studley, R. (2001). UC and the SAT: Predictive validity and differential impact of the SAT and SAT II at the University of California Retrieved fromhttp://www.Informaword.com/smpp/content~db=all~content=a 784398315

[11]. Javed, M., Juan, W. X., & Nazli, S. (2013) A Study of Student's Assessment in Writing Skills of the English Language. International Journal of Instruction. Volume 6, No. 2. Retrieved from https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED544075.pdf

[12]. Lartec, N. C. at Perey, G. M. (2012). Kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral sa University of Cordilleras. Academia. https://www.academia.edu/34737551/Kakayahang_Panggramatika_sa_Filipino_ng_mga_Mag_aaral_sa_University_of_the_Cordilleras

[13]. Merjen, A., Putro, N., Gulzhaina, K., & Saida, K. (2019). Impact of reading on students' writing ability. Materials of International Practical Internet Conference. https://kims-imio.kz/wp-content/uploads/2019/04/001.pdf

[14]. Misa, R. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng Grade 9 laboratory high school ng president Ramon Magsaysay State University. American Journal of Humanities and Social Sciences Research. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/I215105868.pdf

[15]. Pablo, J. (2018) Writing Difficulties and Quality of Essays of Senior High School Students Retrieved from https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/62386599/APJMR-2018

[16]. Reid, J. (2020) The Importance of Feeling Understood. Jreidtherapy.com. Retrieved from https://jreidtherapy.com/empathy-viaunderstanding/#:~:text=We%20learn%20that%20our%20 thoughts,that%20we%20are%20understand-able

[17]. The Effectiveness of Local Wisdom-Based Teaching Materials in Enhancing Creative Writing Skills of Elementary School Students Agus Budi Santosa, Yudi Basuki, Ari Metalin Ika Puspita 2019 https://pdfs.semanticscholar.org/2b8c/72803601e9dea53ad3a6f3862dfe0f7d17f3.pdf

[18]. Virador, F. A. (2019). Identity construction using English as lingua franca in an online English class. Univ. of Min. Intl. Mult. Res. Jour. 2019, 4(1), 1-12 1. http://journal.umindanao.edu.ph/wp-content/uploads/2019/12/412-Identity-construction-using-English-as-lingua-franca-in-an-online-English-class.pdf